Sinusukat namin ang pagtayo ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa Al-Dhuhr at Al-`Asr,nasukat namin ang pagtayo niya sa unang dalawang tindig sa Al-Dhuhr,tulad ng sukat ng Alif Lam Mim,pagpapahayag,[Kabanata ng] Assajdah,at nasukat namin ang pagtayo niya sa ibang dalawang tindig,na kasing sukat ng kalahati nito

Ayon kay Abe Sa`īd Al-Khudrīy, malugod si Allah sa kanya.Nagsabi siya: ((Sinusukat namin ang pagtayo ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa Al-Dhuhr at Al-`Asr,nasukat namin ang pagtayo niya sa unang dalawang tindig sa Al-Dhuhr,tulad ng sukat ng Alif Lam Mim,pagpapahayag,[Kabanata ng] Assajdah,at nasukat namin ang pagtayo niya sa ibang dalawang tindig,na kasing sukat ng kalahati nito,At nasukat namin ang pagtayo niya sa unang dalawang tindig sa Al-`Asr tulad ng sukat ng pagtayo niya sa ibang dalawang tindig sa Al-Dhuhr,at sa ibang dalawang tindig niya sa Al-`Asr ay nasa kalahati nito.)) at hindi binanggit ni Abu Bakar sa salaysay niya:Alif Lam Mim,pagpapahayag,At nagsabi siya:Sa sukat na tatlumpong talata.

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinapahayag sa Marangal na Hadith ang sukat ng pagtayo sa bawat pagdarasal sa dasal na Al-Dhuhr at Al-`Asr,Ang sukat ng pagtayo sa unang dalawang tindig mula sa dasal na Al-Dhuhr ay tulad ng sukat ng pagbabasa ng tatlumpong talata,ibig sabihin ay tulad ng sukat ng As-Sajdah,at ang ibang dalawang tindig ay tulad ng sukat ng kalahati nito ibig sabihin ay labinlimang talata,At ang dasal ng Al-`Asr ay higit na magaan mula sa Al-Dhuhr,kaya sa unang dalawang tindig nito ay tulad ng sukat ng labinlimang talata,at ang ibang dalawang tindig ay tulad ng sukat ng kalahati nito,ibig sabihin ay mula sa pito hanggang walong talata.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10917